

Sa Charlotte-Mecklenburg Schools, naniniwala kami sa kahalagahan ng pagtutulongan ng mga pamilya at paaralan. Naniniwala kami na mas nagiging matagumpay ang mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagtutulongan ng mga mag-aaral, pamilya, at mga tagapagturo. Inilalahad sa magiliw na kasunduang ito ang mga paraan kung paano tayong lahat ay makatutulong sa tagumpay ng bawat mag-aaral.

Kasunduan sa Pagkatuto sa Paaralan ng CMS 2026–27

Pangalan ng Mag-aaral _____

Mga Pananagutan ng Magulang/Tagapag-alaga ☐ Tiyaking pumapasok ang aking anak sa paaralan araw-araw nang nasa oras at ginagawa ang kanyang takdang-aralin araw-araw. ☐ Dumalo sa mga pagpupulong ng magulang at guro, pagpupulong ng PTA, at mga pagsasanay hangga't maaari upang matulungan ang aking anak na matuto. ☐ Makipag-ugnayan sa mga guro o kawani kapag mayroon akong alalahanin o tanong tungkol sa aking anak. ☐ Araw-araw na tanungin ang aking anak tungkol sa mga komunikasyon sa pagitan ng tahanan at paaralan. ☐ Limitahan ang oras ng aking anak sa panonood ng TV at paglalaro ng video game at tiyaking sapat ang kanyang pahinga. ☐ Maglaan ng lugar para sa pag-aaral, mga materyales sa pag-aaral, at mga pagkakataon para matuto ang aking anak, sa bahay o sa pamamagitan ng aklatan, simbahan, o komunidad. ☐ Magboluntaryo sa klase o paaralan ng aking anak kapag maaari.	Mga Pananagutan ng Guro ☐ Magbigay ng ligtas at magiliw na kapaligiran para sa mga mag-aaral at pamilya. ☐ Magbigay ng mga mapanghamong pagkakataon para sa pagkatuto. Tugunan ang mga indibidwal na pangangailangan ng mga mag-aaral, nasa batayang antas man o mas mataas na antas, at magbigay ng espesyal na tulong kapag kinakailangan. ☐ Tulungan ang mga magulang na matukoy ang mga paraan upang matulungan ang kanilang mga anak na matuto. Makipag-ugnayan sa mga magulang at pamilya tungkol sa mga mapagkukunan, materyales, at workshop. ☐ Regular na makipag-ugnayan sa mga magulang at pamilya tungkol sa akademikong pagganap ng mga bata. Magbigay ng impormasyon tungkol sa kalagayan ng pagkatuto ng mga bata, pati na rin ng mga paraan kung paano nila matutulongan ang mga bata na maisulong ang pagkatuto sa tahanan. ☐ Magkaroon ng hindi bababa sa isang pagpupulong ng magulang at guro bawat taon. ☐ Regular na lumahok sa mga programa para sa propesyonal na pag-unlad.
Lagda ng Magulang: _____ Petsa: ____/____/____	Lagda ng Guro: _____ Petsa: ____/____/____
Mga Pananagutan ng Mag-aaral ☐ Pumasok sa paaralan nang nasa oras. ☐ Magsikap para sa kahusayan araw-araw. ☐ Gawin ang aking makakaya sa aking mga gawain. ☐ Ipagtanggol ang aking sarili o ang iba kapag kinakailangan. ☐ Kunin at tapusin ang aking mga takdang-aralin. ☐ Dalhin sa paaralan sa tamang oras ang mga aklat, takdang-aralin, at mga papel. ☐ Sundin ang mga inaasahang pag-uugali ng HFES at CMS.	Mga Pananagutan ng Punong-guro ☐ Magtakda ng matataas na pamantayan at magpatupad ng mga epektibong programa sa pagbasa at matematika sa buong paaralan. ☐ Turuan ang mga mag-aaral, guro, pamilya, at kawani ng paaralan tungkol sa kahalagahan ng araw-araw na pagbabasa at sa pakikipagtutungan na nakapaloob sa kasunduang ito. Maglaan ng mga mapagkukunan upang matiyak na natutugunan ang matataas na pamantayan para sa lahat ng mag-aaral. ☐ Magbigay ng mga workshop para sa mga pamilya tungkol sa kung paano matutulongan ang mga mag-aaral na matuto. ☐ Malugod na tanggapin ang lahat ng pamilya at isama at hikayatin ang mga pamilyang may mababang antas ng kasanayan sa pagbasa o matematika at/o limitadong kasanayan sa Ingles. Tiyaikin din na may mga tagasalin o kagamitan upang makalahok ang lahat ng pamilya. ☐ Magbigay ng iba't ibang pagkakataon para sa mga magulang at pamilya na magboluntaryo sa paaralan.
Lagda ng Mag-aaral: _____ Petsa: _____	Lagda ng Punong-guro: _____ Petsa: _____